



**Abstract**

There are many speculations about the possible side effects of the COVID-19 vaccine. Set in the near future, this short story is a satire about those absurd speculations and explores social issues, specifically homophobia.



**Keywords**

Vaccine, gay literature, homophobia, social issues, satire


# GAYVAXIA


**DJ ELLAMIL**


BAGO PA LANG sisikat ang araw, mahaba na kaagad ang pila sa basketball court ng aming barangay para sa libreng bakuna. Mayroong bata, teenager, at uugod-ugod na. Sa isang maliit na stage ng court, mayroong malaking tarpaulin na nakasabit: "*GAYVAXIA: Bakuna Kontra Kabaklaan*."

Noong Agosto 12, 2037, gumastos ang pamahalaan, sa ilalim ng administrasyon ni dáting Pangulo na si Bong Hernandez ng mahigit 10 milyon para bilhin sa Sanofree Pasteur sa Amerika ang gayvaxia. Upang makasigurado na magagamit ang mga bakunang ito, ipinasá ang Executive Order No. 492, s. 2037. Nakasaad dito na ang lahat ng mamamayan, bakla man o hindi at kahit ano'ng edad, ay kailangan turukan ng gayvaxia. Ang sinomang Pilipino na hindi papayag dito ay papatawan ng habambúhay na pagkakakulong.

Nang natapos ang termino ni Pangulong Hernandez noong Disyembre 2038, doon pa lang dumating ang mga bakuna gáling sa Amerika. Na-delay ang mga ito dahil nagkulang daw sa sangkap ang bakuna dahil sa

rami ng inorder ng Filipinas. Kahon-kahong gayvaxia ang ipinakalat sa mga health centers at ospital sa bansa upang iturok sa bawat isa. Ngayong Enero pa lang sinimulan ang pagtuturok, sa ilalim ng termino ng bagong pangulo na si Bato Serrano.

"Búkas na raw magtuturok dito sa atin," sabi ni Tatay habang kumakain kami ng tanghalian kahapon. "Mawawala na ang kabaklaan mo, Alfredo." Tatawa-tawa siya habang nginunguya ang kanin na may adobong sitaw.

"Angie po, 'tay," sagot ko. "Kahit ngayon lang, tawagin n'yo akong Angie. Búkas, wala na kayong anak na bakla. Gusto ko lang marinig na tawagin n'yo ako nang ganoon."

Tumingin siya sa akin. "Kahit kailan, hindi kita tatawaging ganoon! Putang ina, ang ganda-ganda ng pangalang ibinigay ko sa 'yo, bababuyin mo?"

Ngayon, nasa likod ko si Tatay sa hanay ng mga magpapaturok. Hindi tuloy ako makalápit sa kaibigan kong si Macky na malapit sa aking unahan. Ayaw kasi ni Tatay na makitang magkasama kaming dalawa. Ang akala niya, puro panlalandi ang inaatupag namin. Sabagay, totoo rin naman.

Noong Grade 15 kami unang naging magkaibigan ni Macky. Hindi pa ako naglaladlad, kumekendeng-kendeng na kaagad ang baywang niya noong Grade 7 pa lang kami. Sa ilang taon naming pagiging magkaklase, iilang beses pa lang kami nag-uusap. Pero isang beses, habang nagkaklase kami sa Robotics, nilapitan niya ako.

"Alam mo," bulong niya sa akin, "ga-graduate na táyo. Ipakita mo na ang pakpak mo."

"Ano?" Kunwari, hindi ko naintindahan ang kaniyang sinabi. Tuloy-tuloy pa rin ako sa pagkakabit ng mga screws sa aking robot.

"Girl, huwag na táyong maglokohan. Alam ko namang kalahi rin kita. Patay na patay ka nga kay Mark, e."

"Paano mo nalaman?" Nagulat ako dahil sa aking nasabi. Wala na. Buking na talaga.

Tumawa nang tumawa si Macky. "Sa wakas, may besty na ako!"

Patingin-tingin sa akin si Macky. Kagaya ko, nakapinta rin sa kaniyang mukha ang pagkainis. Parehas kaming hindi pabor sa gayvaxia. Ipinanganak táyong bakla, mamamatay táyong bakla, sabi niya sa akin.

"Dumating na po si Doc Martin!" sigaw ng matandang babae na taga-health center na nakatuntong sa maliit na stage. "Matuturukan po kayong lahat ngayong araw kayâ huwag magtulakan."

Bawat babakunahan, bibigyan ng isanlibo. Ito ang dahilan kung bakit maagang pumunta ang mga tao upang magpaturok. Wala naman kasi silang pakialam sa kung ano man ang ituturok sa kanila. Ang mahalaga, mayroon silang makukuhang pera. Lalo na iyong mga tao na siguradong-sigurado sa kanilang seksuwalidad.

"Buwisit na Bato Serrano 'yan! Siya pa naman din ang ibinoto ko kasi sabi niya, hindi siya galít sa bakla. Pero, pinaboran niya pa rin ang pagpapaturok," sabi ni Macky sa akin noong isang linggo habang naninigarilyo kami sa harapan ng tindahan ni Aling Sally.

Ibinuga ko ang usok na nanggaling sa aking bunganga. "Wala naman táyong magagawa. Ano'ng mas gusto mo, mawala ang kabaklaan natin o makulong habambuhay? Ang boring kaya sa kulungan!"

"Gaga, ano'ng boring doon? Marami kayâng tigang na daddies sa kulungan. Lagi táyong madidiligan!"

Napatawa ako. "Puro talaga kalibugan ang lumalabas sa bibig mo!"

Nagsimula nang magturok ang doktor. Tinitingnan ko ang mga táong paisa-isang pumupunta sa stage. Mayroon doong dalawang dilaw na monobloc chair, isa para sa doktor at isa para sa babakunahan. Nasa stage rin ang maliit na lamesang pinagpapatungan ng mga gámit ng doktor at malaking kahon ng mga bakuna. Nakita ko ang mga laláking lasinggero sa aming barangay, ang mga babaeng mahilig magsugal, ang mga batang umiiyak dahil natatakot magpaturok. Nang si Macky na ang tuturukan, napansin ko na kinausap siya nang masinsinan ng doktor. Bakâ itinatanong kung handa na ba siyang maging laláki.

Sa buong barangay namin, kami lang dalawa ni Macky ang baklang nagbibihis-babae. Kahit nga mga tomboy, babaeng-babae pa rin ang hitsura. Simula kasi nang ilabas ang bagong EO, mas maraming natakot na bakla at tomboy na magladlad. Sa halip na mas tanggapin ng lipunan, parang mas lalong naging kasalanan ang pagiging ganoon.

Naalala ko ang isang artikulo na aksidente kong nabása habang nag-ii-scroll ako sa aking Facebook account. Tungkol ito sa mga asog. Ang mga ito ang nagpapatunay na umiiral na ang homoseksuwalidad sa bansa bago pa man dumating ang mga dayuhan. Base raw ito sa talâ sa mga libro, *confesionario, diccionario,* at manwal ng mga misyonerong Kastila. Tinatawag nila ang mga itong "asug," "asog," "bayog," "bayoguin," at "binabayi."

Ang mga asog raw ang katumbas ng mga babaylan. Sila ay mga lalaki na nagsusuot ng damit pambabae at nag-aasawa ng kapwa lalaki. Iginagalang sila sa lipunan.

Hindi ko alam kung bakit paglipas ng napakaraming dekada, hindi pa rin matanggap-tanggap ng marami ang mga kagaya namin. Ang mas masaklap, hindi na nga kami tanggap, sapilitan kaming babaguhin.

Nang nakita siguro ng doktor ang hitsura ni Macky—malaki ang boobs, mahaba ang blonde na buhok, at naka-makeup, naisip nito na mahirap para kay Macky ang magpaturok ng gayvaxia.

Napatili si Macky nang itinurok na sa kaniya ang bakuna. Nagtawanan ang mga tao sa loob ng court.

"Ang arte naman niyang kaibigan mo!" sabi sa akin ni Tatay. "Ikaw, Alfredo, baka gumaya ka sa kaniya, malilintikan ka sa akin!"

Hindi ko siya pinansin. Nakita kong nakababa na si Macky sa stage. Inasistahan siya ng iba pang nagtatrabaho sa center para umalis na ng court.

Ilang minuto pa ang lumipas, ako na ang nakasalang sa stage. Hindi upang mag-model at magpakilala kagaya ng ginagawa namin sa beauty contest, kung hindi upang turukan ng gayvaxia. Wala na akong magagawa. Ayaw kong makulong. Iniisip ko na lang na ipinanganak naman akong laláki. Naging laláki rin naman ako nang ilang taon. Nakayanan ko naman, kahit mahirap.

Umupo ako sa monobloc chair. Ngumiti sa akin ang doktor. "Okay ka lang?" tanong niya.

*Gago. Anong okay lang? Tuturukan mo ako para hindi na ako maging bakla. Alam mo ba kung gaano kahirap tanggapin 'yon? Ilang araw kong pinag-isipan kung magpapaturok ba talaga ako. Putang ina naman kasi ng presidente. Putang ina mo! Guwapo ka pa naman din sana.*

Tumango ako. "Ayos lang naman po."

Nilagyan niya ng alcohol ang bulak. Ipinahid niya ito sa aking braso.

"Alam mo kasi, mahalaga 'tong turok na ito. Kailangan n'yong maging laláki para umunlad ang ekonomiya ng bansa. Kapag purong laláki at babae ang mamamayan, mas magiging maganda ang pag-iisip nila. Normal ang daloy ng brain cells."

*So kapag bakla, abnormal mag-isip? Duh, kung nandito si Nanay, hindi iyon papayag na magpaturok ako. Okay lang sa kaniya na bakla ang nag-iisa niyang anak. Baka nga yayain pa ako no'n magtago para hindi kami turukan o ikulong. Iyong gago ko kasing tatay, kung hindi niyayang mag-honeymoon sila ni Nanay, e di hindi sana lumubog 'yong bangkang sinakyan nila. E di sana, buháy pa rin siya.*

*Alam mo ba, Dok, noong nakita niya akong gumigiling sa harap ng salamin, hindi niya ako pinagalitan. Hindi niya rin itinanong kung bakla ba ako o ano.*

*Ang sabi niya lang, tanggap niya ako. At mahal na mahal niya ako kahit ano ang desisyon ko sa búhay.*

"A, ganoon po ba?" sagot ko.

Kinuha niya ang panturok at maliit na bote. Pero, kitang-kita ang label nito na GAYVAXIA. Malaki. Kulay pula. Ang font, hindi ko matukoy kung Arial Black, Impact, o naka-bold na Arial. Basta, mababása kaagad. Hindi ko na kasi matandaan ang mga pinag-aralan namin sa Font Face and Styles noong high school. Wala naman kasing kuwenta ang subject na iyon, kagaya ng napakarami pang subject na kailangan naming tapusin sa loob ng sampung taon sa sekondarya. Kailangan daw naming pag-aralan ang mga iyon para maging "globally competitive." Kagaguhan. Kahit limampung taon pa pag-aralin ang mga mag-aaral, kung bulok ang sistema ng edukasyon, hinding-hindi kayang makipagsabayan ng Filipinas sa ibang bansa.

Itinurok ng doktor ang karayom sa bote upang kuhanin ang laman nito. Pagkatapos, itinapat na niya sa aking braso ang panturok. Naramdaman ko ang paglubog ng karayom sa aking balát, hanggang ang dahan-dahang pagdaloy ng gayvaxia rito. Nang natapos, dali-dali akong umalis sa stage.

Noon, hindi ako bumababa sa stage nang walang award. Kung hindi man Best in Costume, Best in Talent ang napananalunan. Aba, wala naman kasi talagang talent ang makatatalo sa pagsasayaw ko. Iyon nga lang, kahit kailan, hindi ako nanalo ng title o kahit iba pang award. Dahil nga iilan lang naman kaming ladlad na bakla sa Filipinas, kami-kami lang lagi ang magkakalaban. Kayâ iyon, paulit-ulit lang ang award na lagi naming natatanggap. Si Macky naman, laging Face of the Night o Bombshell Award ang nakukuha. Sa madaling salita, idinaraan niya lang talaga sa ganda ang lahat.

Pero ngayon, sa unang pagkakataon, bumaba ako sa entablado na walang napanalunan. Talo. Talong-talo. Paalam, beauty pageant. Paalam, makeup, boobs, at pekpek shorts. Paalam, mga burat.

Pagkauwi sa bahay, binuksan ko ang telebisyon. Ibinalita ang pagtuturok ng gayvaxia sa Pangulo at sa iba pang bumubuo sa gobyerno.

"12 hours bago magkaroon ng epekto ang gayvaxia," sabi ng Pangulo sa kaniyang speech matapos turukan. "Búkas, magkakaroon na táyo ng isang payapang bansa. Isang bansa na kinalalagyan ng mga táong tuwid mag-isip, may paninindigan, at may magandang kinabukasan."

Sa pagsasalita niya, parang sinasabi niya na kaming mga bakla ang sumisira sa lipunan. Buwisit talaga ang presidenteng iyon. Parang dinaig

pa namin ang mga magnanakaw, kidnaper, holdaper, mamamatay-tao, o drug lord. Bakit hindi na lang gumawa ng bakuna para mawala na ang mga kagaya nila? Bakit kailangang kaming mga bakla ang kailangang pag-initan?

Dumating na rin si Tatay galing sa court. Nakangiti ito sa akin nang malaki. Ilang taon ko ring hindi nakita ang ganoong ngiti matapos mamatay si Nanay at matapos ang pag-amin ko sa aking seksuwalidad.

"Alfredo, laláki ka na ulit. Búkas na búkas, pupunta táyo sa beerhouse. Hahanap táyo ng babae," masaya niyang sabi. "Pero, magpagupit ka muna, ha. Gusto ko iyong buhok mo no'ng bata. Ang guwapo-guwapo mo sa ganoon."

Tumango na lámang ako. Pumasok na ako sa aking kuwarto at humiga sa kama. Wala pa naman akong nararamdamang kakaiba. Sabagay, 12 hours pa naman daw bago ito umepekto.

Kinabukasan, nagísing ako sa kakaibang pakiramdam. Napakaaliwalas ng paligid. Mayroong kakaibang kasiyahan na bumabálot sa aking pagkatao.

Bumangon ako upang pumunta sa banyo. Tiningnan ko ang aking sarili sa salamin. Wala pa ring nagbabago sa aking hitsura. Wala pa ring nagbabago sa aking loob. Kagaya pa rin ako ng batang Angie na masayang tumitingin tuwing umaga sa salamin. Paulit-ulit na sinasabi sa sarili na *maganda ako, magandang-maganda*.

Habang nagsisipilyo, bigla kong narinig ang balita sa telebisyon.

"Mga beshy, matapos ang pagtuturok ng gayvaxia sa buong Filipinas, na-knows ng mga eksperto na expired na pala ang mga bakunang itey," sabi ng tagapagbalita. Dali-dali akong lumabas ng banyo at tiningnan ang telebisyon. Bakla na ang nagbabalita rito.

Pero, nang tinitigan kong mabuti kung sino ang baklang iyon, napagtanto ko na iyon 'yong laláking-laláki at guwapong news correspondent na crush namin ni Macky. Sa kaniyang ibaba, nakalagay ang malaking headline. Pulang-pula rin, kagaya ng label sa bakuna. Ang nakalagay:

**GAYVAXIA MESS**

"So iyon nga, dahil expired na ang itinurok sa atin, ang mga straight na tinurukan, kabaligtaran ang magiging effect. Mga mumsh, magiging beki or tomboy na táyong lahat!"

Napatulala ako sa narinig na balita. Nagulat ako nang mayroong nagsalita.

"'Nak, tara na. Lalafang na tayo."

Napatingin ako sa boses na gáling sa kusina. Nakita ko si Tatay. Wala na siyang mahabang bigote at balbas. Suot niya ang maikling shorts ko na nakuha niya yata sa sampayan namin.

"'Tay?"

Umirap siya sa akin. "Anong 'tay? Gusto mong sabunutan kita? Ikaw, Angie, ha."

*Angie.* Napangiti ako at inulit-ulit sa aking isip ang pagtawag niya sa aking pangalan, sa aking *totoong* pangalan.

Hindi pa rin pala ako nakababababa sa entablado na walang nakukuhang award. At ngayon, ako naman ang panalo.